## SO WHAT *What is the relevance of the Word to my life?*

- Ano ang sinasabi ng Kasulatan tungkol sa pagkakautang (Kawikaan 22:7)? Ano ang iniuutos ng Diyos na gawin natin patungkol sa utang (Roma 13:8)?
- Papaano tayo nahihikayat ng pangako ng Diyos sa Hebreo 6:10 na patuloy na manalig sa Kanyang kaparaanan?
- Paano naglaan ang Diyos para sa iyo noon? Papaano ka pinapanatag nito na maglalaan Siya parati para sa iyo sa oras ng iyong pangangailangan?

## NOW WHAT *How do I apply the Word to my life?*

- Ano ang pinakamatindi mong pangangailangan ngayon? Anong pangako sa Bibliya ang pupwede mong panghawakan para dito? Ano ang gagawin mong pagtugon sa pangakong ito?
- Sino ang pupwede mong makasama sa panalangin ngayong linggo para sa paglalaan at kaligtasan ng Diyos na dumaloy sa inyong mga buhay?
- Anong pag-iisip ang mayroon ka na kailangang magbago sa katotohanang ang Diyos ang iyong Tagapaglaan at Tagapagligtas? Kanino mo maibabahagi ang paghihikayat na ito ngayong linggo?

## PRAYER

- Ipagdasal ang mga kalilala mo sa iyong grupo na may pagkakautang.
- Manalangin para sa mga nangangailangan na mabuksan ang kanilang mga mata at matuto silang tumingin sa Diyos para sa kanilang mga pangangailangan. Nawa'y magkaroon din sila ng kakayahang isabuhay ang pangakong paglalaan ng Diyos.
- Manalig sa Diyos para sa kaalamang magamit ang mga nakatenggang ariarian at ito'y pagkakitaan. Manalangin rin para sa mga ideyang galing sa Diyos at mga pagkakataon upang matamasa ang Kanyang paglalaan.

VICTORY

**Honor God. Make Disciples.**

Karapatang Pag-aari © 2012
Pinahihintulutan ang pagkopya ng lathaing ito na galing sa Victory® para sa kagamitan ng lokal ng simbahan.
Ito ay hindi pinagbibili.
victory.org.ph

FILIPINO

UNLIMITED
YOU CAN'T HELP BUT WONDER

# Ang Langis at ang Banga

Week 3

## NOTES

## CONNECT

- May panahon ba sa buhay mo na pakiramdam mo'y nahuli ka ng isang patibong? Anong nangyari at papaano mo nalampasan ang sitwasyon?
- Ano ang madalas mong nararamdaman kapag ikaw ay may utang?
- Anong uri ng sitwasyon ang madalas nagpapaalala sa iyo? Bakit?

**WORD**

**Sinabi ni Eliseo, "Puntahan mo ang lahat ng kapitbahay mo at manghiram ka ng maraming sisidlan. [4]Pumasok kayo ng mga anak mo sa bahay n'yo at isara n'yo ang pinto. Ibuhos n'yo ang langis sa lahat ng sisidlan. Itabi mo ang bawat sisidlan na mapupuno mo." . . . [7]Pumunta ang babae kay Eliseo na lingkod ng Diyos at sinabi niya ang nangyari sa kanya, "Umalis ka at ipagbili ang langis, at bayaran mo ang utang mo. May matitira ka pang sapat na pera para mabuhay kayo ng mga anak mo."**

**2 Hari 4:3,4,7**

**WHAT** *What does the Bible say?*

May mga panahon na natatagpuan natin ang ating mga sarili sa gitna ng isang mahirap na sitwasyon na higit sa atin tulad ng babaeng ito na may malaking pagkakautang. Ngunit nagbigay-daan ang Diyos para sa kanya at kanyang mga anak upang makawala sa pagkakautang. Heto ang mga iilang katotohanan sa kanyang kwento na makahihikayat sa ating manalig sa Diyos.

- **Ang Diyos ang ating pinagmumulan ng walang-hangganang paglalaan.**

  *At dahil kayo'y nakay Kristo Jesus, ibibigay sa inyo ng aking Diyos ang lahat ng pangangailangan n'yo, mula sa kasaganaan ng kayamanan niya.*

  Filipos 4:19

  Makakaasa tayo sa Diyos para sa ating paglalaan dahil may kakayahan Siyang magbigay—Siya ang may-ari ng lahat (Salmo 24:1)! Tinitiyak din ng Diyos sa Kanyang Salita na hindi lamang Siya may kakayahan kundi kagustuhan din Niyang tumugon sa ating mga pangagailangan kapag tayo ay humingi. Papaano mo naranasan ang Diyos bilang iyong walang-hangganang pinagmumulan ng paglalaan?

  ___________________________________________

  ___________________________________________

  ___________________________________________

- **Ang Diyos ay hindi natitinag ng ating kakulangan o kalagayan.**

  *Sinabi sa kanya ni Eliseo, "Ano ang maitutulong ko sa iyo? Sabihin mo sa akin, ano ang mayroon sa bahay mo?" Sumagot ang babae, "Wala po, kagalang-galang na Eliseo, maliban lang sa kaunting langis sa lalagyan."*

  2 Hari 4:2

  Nagmumukang malaki ang paghihirap ng babae, ngunit tinugunan agad ito ng Diyos sa pamamagitan ni Eliseo. At hindi lamang nabayaran ang kanyang utang kundi pinaglaanan din ng Diyos ang mga pangangailangan ng kanyang pamilya sa hinaharap (2 Hari 4:7). Ano ang sinasabi nito tungkol sa kabutihan ng Diyos at sa kakayahan Niyang maglaan?

  ___________________________________________

  ___________________________________________

  ___________________________________________

  ___________________________________________

- **Ang Diyos ay may kakayanan at may kagustuhang iligtas tayo sa ating mga kahirapan.**

  *[3]Sinabi ni Eliseo, "Puntahan mo ang lahat ng kapitbahay mo at manghiram ka ng maraming sisidlan. [4]Pumasok kayo ng mga anak mo sa bahay n'yo at isara n'yo ang pinto. Ibuhos n'yo ang langis sa lahat ng sisidlan. Itabi mo ang bawat sisidlan na mapupuno mo."*

  2 Hari 4:3,4

  Dagliang ginabayan ni Eliseo ang babae ng paraan upang mabayaran niya ang kanyang utang. Sumunod siya ng may pananampalataya at natanggap niya ang kanyang kaligtasan. Maraming pangako ng paglalaan at kaligtasan ang makikita sa Bibliya. Ano ang dapat nating tugon sa mga ito (Mateo 7:7,8; Mateo 21:22)?

  ___________________________________________

  ___________________________________________

  ___________________________________________

  ___________________________________________